Republic of the Philippines
**CITY OF BACOOR**
Province of Cavite

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**CITY RESOLUTION NO. CR 2015-132**
**Series of 2015**

District I:
HON. AVELINO B. SOLIS
City Councilor

HON. EDWIN G. GAWARAN
City Councilor

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA - MENDIOLA
City Councilor

HON. REYNALDO M. FABIAN
City Councilor

HON. VENUS D. DE CASTRO
City Councilor

District II:
HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. BAYANI M. DE LEON
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ROBERT R. JAVIER
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor - ABC Pres.

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE S. EVARISTO
City Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:

HON. STRIKE B. REVILLA
City Mayor

**ISANG KAPASYAHAN NA NAGRE-RENEW SA KONTRATA SA PAG-UPA NG LAHAT NG MGA MARKET STALL HOLDERS SA (ZAPOTE PUBLIC MARKET), NAGBABAWAL SA PANININGIL NG ANUMANG DAGDAG SA UPA O ARKABALA SA MGA NABANGGIT NA PWESTO, NAGBABAWAL SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG AT KURYENTE SA ANUMANG PWESTO SA NABANGGIT NA PALENGKE, AT NAGBABAWAL SA PAGPIGIL SA PAGPASOK O PAGLABAS NG ANUMANG BAGAY O SA SINUMANG TAO SA NABANGGIT NA PALENGKE NANG WALANG PAHINTULOT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG BACOOR, CAVITE.**

Inakdaan ni **Kgg. Reynaldo D. Palabrica**
Pinangalawahan nina Kgg. Avelino Solis, Kgg. Miguel Bautista, Kgg. Rowena Bautista-Mendiola, Kgg. Reynaldo Fabian, Kgg. Venus De Castro, Kgg. Hernando Gutierrez, Kgg. Gaudencio Nolasco, Kgg. Bayani De Leon, Kgg. Leandro De Leon, Kgg. Robert Javier at Kgg. Victorio L. Guerrero, Jr.

**SAPAGKAT,** ipinagbigay alam ng **Samahan ng Mangangalakal at Manininda ng Pamilihang Bayan ng Bacoor Inc.** sa pamumuno ng Pangulo nito na si **Gng. Fely Sarmiento** sa Sangguniang Panlungsod ang iba't-ibang suliranin na kinakaharap ng mga manininda at mangangalakal sa Zapote Public Market.

**SAPAGKAT,** ang mga nabanggit na mga suliranin ay nagpapasiklab na sa damdamin ng maraming tao at nagiging sanhi ng kaguluhan at sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga taong nangangalakal, nagtitinda, at namimili sa Zapote Public Market.

**SAPAGKAT,** bilang may-ari ng Zapote Public Market, hindi maaaring pahintulutan ng Pamahalaang Lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite na labagin ng sinuman ang batas o kaya ay pagharian ng sinuman ang isang public facility na kagaya ng Zapote Public Market.

**KUNG KAYA'T NAGKAKAISANG NAPAGPASYAHAN** ng mga kasapi ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite na ipag-utos ang mga sumusunod:

1. Ang **Kontrata sa Pag-upa (Lease Contract)** ng lahat ng mga stall holders sa Zapote Public Market ay nire-renew ng Pamahalaang Lungsod mula sa **17 August 2015 hanggang 18 August 2016;**
2. Mahigpit na **ipinagbabawal ng Pamahalaang Lungsod ang paniningil ng dagdag na upa o arkabala** ng sinuman laban sa mga stall holders at vendors sa Zapote Public Market;
3. Mahigpit na **ipinagbabawal ang pagputol ng serbisyo ng kuryente at tubig sa anumang stall sa Zapote Public Market nang walang pahintulot ng hukuman** na may kapangyarihang dinggin ang mga asunto na may kaugnayan dito; at
4. Mahigpit na **ipinagbabawal ang pagpigil sa pagpasok ng anumang bagay, paninda, o ng sinumang tao sa Zapote Public Market** nang walang pahintulot ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite o nang isang hukuman.

**NAPAGPASYAHAN DIN** na utusan ang **Bacoor PNP sa ilalim ng pamumuno ni P/Supt. Rommel Estolano**, ang lahat ng mga **Punong Barangay at Barangay Tanod ng Barangay Zapote 1-5, Barangay Aniban 1-5, at Barangay Talaba 1-7**, at lahat ng mga kawani ng **Pamahalaang Lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite** mahigpit na ipatupad ang Kapasyahang ito sa paraan na **naaayon sa batas**.

**NAPAGPASYAHAN DIN** na ipaskil ang mga sipi ng Kapasyahang ito pati na ang mga iba pang Resolution ng Sangguniang Panlungsod sa harapan ng Zapote Public Market at sa iba pang lugar pampubliko sa Lungsod ng Bacoor sa loob ng 24 oras matapos na malagdaan ang Kapasyahang ito.

**NAGKAKAISANG PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor ngayong ika-17 ng Agosto, 2015.

*Pinatutunayan ko na ang Kapasyahang ito ay totoo at pinagtibay ng naaayon sa batas.*

Sinsertipikahan ni:

**KGG. CATHERINE S. EVARISTO**
*City Vice Mayor/Presiding Officer*

Pinatutunayan ni:

**ATTY. KHALID A. ATEGA JR.**
*Sangguniang Panlungsod Secretary*

Inaaprubahan ni:

**KGG. STRIKE B. REVILLA, PhD**
*City Mayor*